TOMO 10 BILANG 2 | ISSN NO. 2599-5405 | PEBRERO 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## CMDI, IPINAGDIWANG ANG IKA-23 TAONG PAGKAKATAGUYOD NITO

***ni Harlene Joy Reyes***



*Kasabay ng 23rd founding anniversary ng CMDI, nanumpa ang unang set ng CMDI Alumni Officers upang tulungan na manatiling buhay ang kultura at kaugalian ng institusyon sa komunidad nito.*

Ipinagdiwang ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc., ang *education arm* ng CARD MRI, ang ika-23 taong anibersaryo nito na may temang "Educating the Minds, Connecting Hearts in Pursuing Greater Heights" sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong February 14, 2023.

Kasabay ng pagdiriwang sa selebrasyon ng mga puso, inalala rin ng CMDI ang mensahe nitong pagpapalakas sa mga komunidad sa pamamagitan ng paghubog ng mga responsableng indibidwal sa pamamagitan ng pagbibigay ng dekalidad na edukasyon na makatutulong sa kanila na mapabuti ang antas ng kanilang pamumuhay.

"Sa loob ng 23 taon, nananatili ang CMDI sa panawagan nitong wakasan ang matinding kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng paghahatid ng mahusay na edukasyon sa mga estudyante, kawani, at mga indibidwal na nasa mahihirap na sektor," pagbabahagi ni CMDI Senior Executive Vice President and Chief Operating Officer Dr. Edzel A. Ramos. Hinimok din ni Dr. Ramos ang mga kawani ng CMDI na yakapin at isapuso ang mga inisyatibo at kaugalian ng kanilang institusyon at magbahagi nang hindi mapapantayang lakas sa paghahatid ng magagandang oportunidad sa pamilyang Pilipino.

Inalala rin ni CMDI President Dr. Flordeliza L. Sarmiento 2

## CARD LFC, binuksan ang unang extension office kasabay ng ika-10 anibersaryo nito


***ni Josephine Ramos***

Bilang bahagi ng 10 taong anibersaryo nito, binuksan ng CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC) ang *extension office* nito sa C. Balverde St., San Pablo City, Laguna noong Enero 10, 2023. 2

## CARD MRI MAGTATAYO NG KAUNA-UNAHANG WHOLESALE SHOPPING CENTERS

***ni Edrian Banania***

San Pablo City, Laguna – Dalawang *groundbreaking ceremonies* na pinangunahan ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang ginanap sa Veranda sa 32 Marcos Paulino Avenue St. at sa San Rafael, San Pablo City, Laguna 3




Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Anong joint venture company ang itinatag ng CARD MRI at Salim Group?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CMDI, IPINAGDIWANG... 1

ang mapagkumbabang pagsisimula ng CMDI na may pangarap na isang maunlad na pamilyang Pilipino. "Nang magsimula ang CMDI bilang isang *training center* noong 2000, nagbukas ito ng napakaraming oportunidad sa maraming indibidwal upang mapabuti ang kanilang pamumuhay. Sa prinsipyo ng CMDI na palakasin ang mga komunidad sa pamamagitan ng edukasyon, patuloy na lumalago ang CMDI at unti-unti nang nakikilala bilang isang respetadong *development institute* sa bansa."

**Ang selebrasyon**

Muling binalikan ng CMDI ang mga inisyatibo nito sa edukasyon at mga tagumpay na natamo nito sa akademya, mga pagsasanay, pagbibigay ng iskolarship, at iba pang aktibidad nito na naghatid ng mahusay na epekto sa pamumuhay ng mga estudyante, mga nanay, at iba pang mag-aaral nito. Ang mahigit dalawang dekada nito sa pagbibigay ng serbisyo sa iba't ibang lokal na komunidad ay naghatid ng pag-unlad sa libo-libong mga indibidwal, na nakatulong sa paglaya ng kanilang pamilya sa siklo ng kahirapan.

Kinilala rin ng CMDI ang mga mahuhusay nilang *resource person*, *faculty members*, at *trainers*, na kabahagi ng kanilang tagumpay.

Sa karagdagan, isinagawa rin ng CMDI ang *induction ceremony* nito para sa kauna-unahang *alumni officers* nito. Nalulugod si CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa unang set ng *alumni officers* dahil magiging katuwang nila ang mga ito upang mapanatili ang kultura at kaugalian na mayroon ang institusyon.

Binigyang-diin ni Dr. Alip ang lakas na mayroon ang edukayon, "Ang edukasyon ay isang makapangyarihang armas sa pagbasag ng siklo ng kahirapan. Sa pamamagitan ng pagbibigay nang mahusay na edukasyon sa mga Pilipino, maiaalis natin sila sa kahirapan at matutulungan natin na maiangat ang estado ng kanilang ekonomiya."

Ayon pa sa kanya, ang CMDI ay isang regalo ng pagmamahal na nakatadhanang matagpuan mismo sa araw ng mga puso.

Nagpasalamat naman si CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito sa lahat ng mga kawani at kaguruan sa kanilang dedikasyon at hindi matatawarang kontribusyon sa pag-abot ng misyon ng CARD MRI na sugpuin ang kahirapan sa bansa. "Kinikilala ng buong CARD MRI ang CMDI bilang *education arm* ng buong organisasyon. Nararapat kayong ipagdiwang kasabay ng araw ng mga puso dahil kayo ang humuhubog sa mga puso ng ating komunidad na magkaroon ng matapang at malakas na puso upang makaalpas sa kahirapan."

Ang CMDI ay isang institusyon sa ilalim ng CARD MRI na naglalayong bumuo ng mga indibidwal na may kakayahang tumulong sa pagpapalakas ng pamilyang Pilipino sa buong bansa. Ang CMDI ay 3

## CARD LFC, binuksan... 1



*Nagbigay ng pangwakas na mensahe si CARD LFC President Frederick Nicasio M. Torres sa pagbubukas ng extension office kasabay ng ika-10 anibersaryo ng institusyon.*

Ang selebrasyon ay dinaluhan nina CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, CARD LFC President Frederick Nicasio M. Torres, CARD MRI Senior Advisers, *executive* at *management committee members*, mga *staff*, kliyente, at partner nito.

"Ang *extension office* na ito ay sumisimbolo hindi lamang sa ating pagsulong tungo sa pagpapalawak ng ating mga serbisyo, kundi pagbabalik-tanaw rin kung paano nagsimula ang CARD MRI. Lumipas man ang ilang dekada ng pagpapalakas sa mga mahihirap na komunidad, nananatili tayong nakatututok sa ating misyon na puksain ang kahirapan. Ito rin ang unang opisina kung saan nagsimula ang operasyon ng CARD MRI noong 1986," paliwanag ni Torres.

Bukod dito, ang kinatawan ng Golden Man Marketing Corporation na si Ms. Aida Sagabay ay nagpatunay kung paano sinuportahan ng CARD LFC ang kanilang korporasyon sa nakalipas na pitong taon, "Ang CARD LFC ay madaling magtrabaho hangga't ang mga kinakailangan nito ay natutugunan. Bukod pa rito, walang *hidden charges* na inilalapat." Ang CARD LFC ay nagbibigay sa kanila ng karagdagang kapital para sa kanilang mga produktong pang-agrikultura na nag-ambag sa kanilang kasalukuyang tagumpay.

"Ang pagbubukas na ito ay simula pa lamang ng aming pagpapalawak. Patuloy naming tatanggapin ang hamon na gawing mas madaling maakses ang aming produkto at serbisyo sa mas maraming Pilipino sa Visayas at Mindanao," ani Torres.

Noong 2015, napabilang ang CARD LFC sa nangungunang korporasyon sa *leasing and finance companies* sa Pilipinas. Sa taong 2022, ang CARD LFC ay nagsilbi sa mahigit sa 16,000 pamilya at mga korporasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo ng CARD LFC, i-message ang Facebook page nito sa www.facebook.com/CARDLFCOfficial.


## CARD MRI MAGTATAYO... 1



para opisyal na simulan ang konstruksyon ng unang dalawang *supermarket* na pagmamay-ari ng CARD. Ito ay pamamahalaan ng CARD Indogrosir, isang *joint venture company* na itinatag ng CARD MRI at Salim Group.

Alinsunod sa misyon ng CARD MRI na puksain ang kahirapan, ang CARD Indogrosir ay magbibigay ng mga pagkakataon sa higit sa 2,500 CARD MRI na mga kliyente na mga may-ari ng *retail store* upang mapalago ang kanilang mga negosyo, na sa kalaunan ay mag-aambag sa *nation-building*. Ang tindahan ng CARD ay inaasahang magsusuplay sa mga may-ari ng sari-sari store ng kanilang mga imbentaryo sa mas mura at patas na presyo.

Ang *groundbreaking ceremony* ay dinaluhan din nina CARD MRI Property Management President Ms. Maida Decano, CARD MRI Publishing House at Hijos Tours President Ms. Marilyn Manila, CARD Indogrosir Project Head Pak Suranto, CARD MRI *senior advisers*, *executive committee members*, at *staff*, kasama ang CARD SALIM JV Team *officers and consultants*.




## CMDI, IPINAGDIWANG... 2

mayroong kurso sa *senior high school,* TESDA, at kolehiyo, nagbibigay ng pagsasanay upang ihanda ang mga *staff* at partner nito, at iba pang programang makapagpapaunlad sa kakayahan ng mga kliyente at komunidad nito. Sa pagtatapos ng taong 2022, ang CMDI ay mayrooong 1,132 CMDI *scholars* at 3,350 estudyante na nakatala sa mga kurso nito sa *senior high school*, *college*, at TechVoc sa parehong kampus nito sa Bay at Tagum City.

Upang matutuhan pa ang tungkol sa CMDI at sa mga serbisyo nito, bisitahin lamang ang Facebook page nito, @cmdiofficial.

**KWENTONG TAGUMPAY**

# Nanatiling may pag-asa *ni Josephine Ramos*

Ang agrikultura ay isa sa mga mahahalagang sektor sa ating bansa. Ang kagawian ng isang Pilipinong magasasaka ay hindi biro. Mula sa paglilinang ng mga lupain hanggang sa pagtagal sa matinding init ng araw, parating ipinapakita ng ating mga magsasaka ang kanilang pagsusumikap upang mabigyan lamang tayo ng pagkain sa ating hapag-kainan. Sa kabila ng napakaraming hamon sa sektor ng agrikultura, mayroon pa ring nanatili sa ganitong trabaho, tulad na lamang ni Maricres Collado, isang magsasaka sa probinsya ng Pangasinan.


Pagsasaka na ang kinamulatan ni Maricres na ikinabubuhay ng kanilang pamilya. Ang kanyang mga magulang ay parehong magsasaka, na nagbigay sa kanya ng inspirasyon na sundan ang kanilang yapak. Taong 2013, sinimulan niya ang pagtatanim ng palay at mais kasama ang kanyang asawa, na kasalukuyang nagtatrabaho bilang isang *company driver* sa karaniwang araw, at magsasaka naman tuwing katapusan ng linggo.

Ang kanilang pananim ay base sa panahon, tulad na lamang ng mais tuwing tag-init at palay naman sa tuwing tag-ulan. Ang magsasakang tulad ni Maricres ay tinatawag na *tenant*. Ang may-ari ng lupa ay responsable sa pagbibigay ng pataba, habang ang mag-asawa naman ay siyang nagbibigay ng similya at iba pang pangangailangan upang mapalago nila ang kanilang pananim.

Ang pagsasaka, tulad ng ibang negosyo, ay mayroong iba't ibang suliranin, tulad na lamang ng hindi maiiwasang natural na kalamidad at mga peste na mga

4

> For years, the government has been working toward greater financial inclusion, a key component of which is microfinance. Microfinance is the provision of a wide-range of financial and non-financial services to poor and low-income households. It plays a critical role in poverty alleviation, as microfinance supports microenterprises, enabling poor people to increase their income and improve their living standards.




**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus




## Nanatiling may ..

3

pangunahing dahilan ng pagkasira ng kanilang mga pananim. Nang salantain ng peste ang kanilang pananim noong 2020, ang laki ng kanilang naging lugi sa puhunan. Sa kabila nito, nanatili ang kanilang pag-asa na muli silang makababangon.

Upang muling makabawi, kumuha ng *loan* si Maricres sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at ginamit ito bilang kapital. Sa ngayon ay kliyente na siya ng CARD sa loob ng limang taon at ang isa sa mga kauna-unahang miyembro sa kanilang lugar. Nagsimula lamang sila sa anim sa kanilang center ngunit lumaki na ang bilang nila sa 52. Halos lahat ng kanilang nasa kapitbahay ay kliyente na rin ng CARD. Dahil sa pagiging mahusay niyang kliyente, mula sa unang *loan* niya na PHP1,000.00 ay nakakukuha na siya ngayon ng hanggang PHP20,000.00 na kanyang ginagamit sa pagbili ng produktong pang-agrikultura.

Maliban sa *loan*, nanatili siya sa CARD dahil naunawaan niya ang kahalagahan ng seguro at pag-iimpok. Sa pamamagitan ng segurong inihahatid ng CARD at ng buong CARD MRI, mas nararamdaman niya ang kaginhawaan na mayroon siyang aasahan sa kanyang kinabukasan.

Ang pagsasaka ay hindi man para sa lahat, ngunit ang pagtitiyaga at pagsusumikap ng ating mga magsasaka ay mga kahanga-hangang kaugalian na dapat nating tularan.

SULONG EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor
Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists
Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers